Republic of the Philippines
**Department of Education**
NEGROS ISLAND REGION
**DIVISION OF ESCALANTE CITY**

DEPED SDO-ESCALANTE 10 AUG 2026 RELEASED

August 7, 2026

**PANSANGAY NA MEMORANDUM**
**Blg. 328 ,s. 2026**

**2026 HISTO QUEST AT PANSANGAY NA KULMINASYON NG BUWAN NG KASAYSAYAN**

Sa Mga: Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe ng CID at SGOD
Punong-guro ng Elementarya at Sekondarya
(Pampubliko at Pribado)

1. Alinsunod sa **Proklamasyon Blg. 339, s. 2012**, ipinagdiriwang ang **Buwan ng Kasaysayan** tuwing Agosto upang mapalalim ang kamalayan at pagpapahalaga sa kasaysayan bilang saligan ng pambansang identidad at pagkamakabansa. Kaugnay nito, magsasagawa ang **Tanggapan ng mga Paaralang Panlungsod ng Escalante** ng **2026 Histo Quest at Pansangay na Kulminasyon ng Buwan ng Kasaysayan**, na may temang **"Hinubog ng Bayan, Dinuyan ng Alon,"** kasama ang paggunita sa **ika-59 na Anibersaryo ng Pagkakatatag ng Association of Southeast Asian Nations (ASEAN)** na may temang **"Navigating Our Future, Together.**" Ang mga gawain ay isasagawa sa **Setyembre 2, 2026, alas-8:00 ng umaga, sa Escalante Central Elementary School.**

2. Ang iskedyul ng aktibidad ay isinasaalang-alang upang maiwasan ang pagkaantala sa *Instructional Block* at matiyak ang tuloy-tuloy na paghahatid ng mga gawaing pampagtuturo sa mga paaralan.

3. Nilalayon ng pagdiriwang na:

a. mapalawak ang kaalaman at pag-unawa ng mga mag-aaral sa lokal, pambansa, Asyano, at pandaigdigang kasaysayan sa pamamagitan ng iba't ibang akademiko at performance-based na patimpalak ng Histo Quest na nakaayon sa kurikulum ng Araling Panlipunan;

b. malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa historikal na pag-iisip, kritikal na pagsusuri, komunikasyon, kolaborasyon, pagkamalikhain, at paglutas ng suliranin sa pamamagitan ng makabuluhan at kontekstuwalisadong mga gawain;

c. mapaigting ang kamalayang pangkasaysayan, pagkamakabansa, at pagpapahalaga sa pamanang pangkultura ng Pilipinas at ng lokal na pamayanan sa pamamagitan ng pagninilay sa kahalagahan ng mga pangyayaring pangkasaysayan, personalidad, pook, at iba pang yamang pamanang pangkultura sa paghubog ng bansa;

d. mapalakas ang kakayahang pampagtuturo ng mga guro sa Araling Panlipunan sa kasaysayan gamit ang mga gawaing nakasentro sa mag-aaral; at

e. kilalanin ang mga natatanging mag-aaral sa kanilang kahusayan sa iba't ibang patimpalak.

4. Magkakaroon ng sabayang mga sesyon para sa mga guro at kalahok sa mga larangan ng Makabansa, Lokal na Kasaysayan, Kasaysayan ng Asya, Kasaysayan ng Daigdig, at Pag-aaral ng Kasaysayan at Lipunang Pilipino bago ang mga patimpalak upang palalimin ang

kaalaman at kasanayan ng mga guro at mag-aaral sa mahahalagang konsepto at kasanayang pampagkatuto sa Kasaysayan.

5. Ang sumusunod ay ang mga kategorya ng patimpalak at kaukulang bilang ng mga kalahok para sa **Pansangay na Kulminasyon ng Buwan ng Kasaysayan 2026**:

| KATEGORYA NG PATIMPALAK | KALAHOK |
|---|---|
| **Histo Quiz** | |
| A. Makabansa Quiz | Isang (1) kalahok mula sa Baitang 1–3 |
| B. Lokal Quiz | Isang (1) kalahok mula sa Baitang 4–6 |
| C. Kasaysayan ng Pilipinas Quiz | Isang (1) kalahok mula sa Baitang 4–6 |
| D. Kasaysayan ng Asya Quiz | Isang (1) kalahok mula sa Baitang 7–8 |
| E. Kasaysayan ng Daigdig Quiz | Isang (1) kalahok mula sa Baitang 9–10 |
| F. ASEAN Quiz | Isang (1) kalahok mula sa Baitang 7–10 |
| G. Pag-aaral ng Kasaysayan at Lipunang Pilipino (PKLP) Quiz | Isang (1) kalahok mula sa Baitang 11 |
| **Historical Trail Challenge** | Tatlong (3) kalahok mula sa Baitang 4–6 |
| **Character Impersonation** | Isang (1) kalahok mula sa Baitang 7–10. |

6. Kalakip ng Memorandum na ito ang Matriks ng mga Gawain at ang mga alituntunin, mekaniks, at pamantayan sa Paghatol ng mga Patimpalak bilang sanggunian at gabay sa pagpapatupad ng gawain. (Tingnan ang mga Kalakip Blg. 1 at 2.)

7. Batay dito, ang lahat ng **miyembro ng mga komite at mga opisyales ng AsGAP** ay magkakaroon ng **virtual na pagpupulong sa Agosto 12, 2026 ganap na ika-3:00 ng hapon**. Inaasahan ang inyong aktibong pakikilahok at pagdalo.

8. Ang Sangay ng DepEd Escalante City ay nangangakong isama ang mga prinsipyo ng pagkakapantay-pantay, pagiging sensitibo sa usaping pangkasarian, diskriminasyon, at karapatang pantao sa pagpapatupad at pamamahala ng gawaing ito. Alinsunod sa mandato ng DepEd na tiyakin ang pantay at dekalidad na edukasyon at oportunidad para sa lahat.

9. Ang mga gastusin kaugnay sa pagsasagawa ng aktibidad ay kukunin mula sa mga pondo ng lokal/MOOE na sasailalim sa karaniwang mga alituntunin ng pananalapi at pagsusuri ng pondo.

10. Hinihiling ang maagap at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**PETER J. GALIMBA**
Assistant Schools Division Superintendent
Officer-in-Charge
Office of the Schools Division Superintendent

Kalakip: Gaya ng isinasaad.
Sanggunian: Gaya ng isinasaad.
Allotment : 1-2-3-6-7-8
To be indicated in the Perpetual Index of the following subjects:
CURRICULUM BUWAN NG KASAYSAYAN PROGRAMS
MJMTAN/CID / 8/10/2026

Republic of the Philippines
**Department of Education**
NEGROS ISLAND REGION
**DIVISION OF ESCALANTE CITY**

*Unang Kalakip sa Memorandum Blg.* 328 *, s. 2026*

## 2026 HISTO QUEST AT PANSANGAY NA KULMINASYON NG BUWAN NG KASAYSAYAN

Matriks ng mga Gawain

| ORAS | GAWAIN | TAGAPANGASIWA |
|---|---|---|
| **Setyembre 2, 2026** | | |
| 7:40 – 8:00 | Pagpapatala | Project Management Team |
| 8:00 – 10:00 | Pambungad na Programa | Project Management Team |
| 10:00-12:00 | **A. Classroom Events:**<br>1. Historical Competency Enhancement (Simultaneous Sessions)<br>a. Makabansa<br>b. Kasaysayang Lokal<br>c. Kasaysayan ng Pilipinas<br>d. Kasaysayan ng Asya<br>e. Kasaysayan ng Daigdig<br>f. ASEAN Quiz<br>g. Pag-aaral ng Kasaysayan at Lipunang Pilipino | Learning Facilitators |
| | 2. Historical Trail Challenge | Contest Managers |
| | **B. Stage Event:**<br>Character Impersonation Contest | Contest Manager |
| **Lunch** | | |
| 1:00 – 3:00 | Simultaneous Competitions<br>a. Makabansa Quiz<br>b. Kasaysayang Lokal Quiz<br>c. Kasaysayan ng Pilipinas Quiz<br>d. Kasaysayan ng Asya Quiz<br>e. Kasaysayan ng Daigdig Quiz<br>f. ASEAN Quiz<br>f. Pag-aaral ng Kasaysayan at Lipunang Pilipino (PKLP) Quiz | Contest Managers |
| 3:00 – 5:00 | Awarding and Closing Program | Project Management Team |

*Ikalawang Kalakip sa Memorandum Blg._____, s. 2026*

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION
BAGONG PILIPINAS
Escalante City, Negros Occidental, Philippines
Tel. Nos – (034) 724-5720, (034) 454- 0746
escalante.city001@deped.gov.ph
depedescalantecity.weebly.com

*Ikalawang Kalakip sa Memorandum Blg.* 32_, *s. 2026*

**ALITUNTUNIN, MEKANIKS, AT PAMANTAYAN SA PAGHATOL NG MGA PATIMPALAK**

**A. Makabansa Quiz)**

Ang bawat paaralan ay magpapadala ng isang (1) kalahok mula sa **Baitang 1 hanggang 3** upang lumahok sa Makabansa Quiz. Layunin ng patimpalak na masukat ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga batayang konsepto ng **kamalayan sa sarili at kultura, malusog na pamumuhay, responsableng pakikilahok sa pamayanan, at pagpapahalaga sa pagkakakilanlang Pilipino**, na naaayon sa mga layunin ng **Revised K to 12 Curriculum**. **Filipino** ang gagamiting midyum ng pagsusulit.

| Bahagi ng Pagsusulit | Bilang ng Tanong | Puntos Bawat Tanong | Kabuuang Puntos |
|---|---|---|---|
| Easy Round | 6 | 1 puntos | 6 puntos |
| Average Round | 4 | 2 puntos | 8 puntos |
| Difficult Round | 2 | 3 puntos | 6 puntos |
| **Kabuuan** | **12 tanong** | | **20 puntos** |

**Panuntunan sa Tabla:**

Sa oras na magkaroon ng **tabla sa kabuuang puntos**, isasagawa ang **Clincher Round**. Ang mga tanong para sa tie-breaker ay ibibigay nang paisa-isa hanggang sa matukoy ang nagwagi.

**B. Lokal Quiz**

Ang bawat paaralan ay magpapadala ng isang (1) kalahok mula sa **Baitang 4–6** upang lumahok sa Lokal Quiz. Sasaklawin ng pagsusulit ang mga mahahalagang pangyayari, personalidad, lugar, pamanang kultural at pangkasaysayan, at mga tema ng lokalisasyon, kabilang ang mahahalagang impormasyon mula sa *Escalante City Cultural Heritage.* Bibigyang-diin din ang pagkilala at pagpapahalaga sa mga lokal na kuwento, tradisyon, kultura, makasaysayang lugar, at iba pang yamang pamanang kultural ng Escalante City at Negros Island Regio.
Ang pagsusulit ay bubuuin ng tatlong (3) bahagi:

| Bahagi ng Pagsusulit | Bilang ng Tanong | Puntos Bawat Tanong | Kabuuang Puntos |
|---|---|---|---|
| Easy Round | 6 | 1 puntos | 6 puntos |
| Average Round | 6 | 2 puntos | 12 puntos |
| Difficult Round | 4 | 3 puntos | 12 puntos |
| **Kabuuan** | **16 na tanong** | — | **30 puntos** |

**Panuntunan sa Tabla:**

Sa oras na magkaroon ng tabla sa kabuuang puntos, isasagawa ang **Clincher Round**. Ang mga tanong na pang-tie-breaker ay ibibigay nang paisa-isa hanggang sa matukoy ang nagwagi. Ang **Filipino** ang gagamiting midyum ng pagsusulit.

**C. Kasaysayan ng Pilipinas Quiz**

Ang bawat paaralan ay magpapadala ng isang (1) kalahok mula sa **Baitang 4–6** upang lumahok sa Kasaysayan ng Pilipinas Quiz. Layunin ng patimpalak na masukat ang **kaalaman, pag-unawa, at kakayahan ng mga mag-aaral na mailapat ang mga konsepto sa kasaysayan ng Pilipinas**, alinsunod sa mga pamantayan sa pagkatuto ng **Revised K to 12 Curriculum**.

Bibigyang-diin dito ang mahahalagang pangyayari, personalidad, pagbabago, hamon, tugon, at mahahalagang kaganapan sa kasaysayan ng Pilipinas hanggang sa kasalukuyan. Layunin din nitong mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbuo ng **pagkakakilanlang Pilipino, pagiging makabayan, at matatag na pagkabansa.**


Escalante City, Negros Occidental, Philippines
Tel. Nos – (034) 724-5720, (034) 454- 0746
escalante.city001@deped.gov.ph
depedescalantecity.weebly.com

Ang pagsusulit ay bubuuin ng tatlong (3) bahagi:

| Bahagi ng Pagsusulit | Bilang ng Tanong | Puntos Bawat Tanong | Kabuuang Puntos |
|---|---|---|---|
| Easy Round | 6 | 1 puntos | 6 puntos |
| Average Round | 6 | 2 puntos | 12 puntos |
| Difficult Round | 4 | 3 puntos | 12 puntos |
| **Kabuuan** | **16 na tanong** | — | **30 puntos** |

Sa oras na magkaroon ng tabla sa kabuuang puntos, isasagawa ang **Clincher Round**. Ang mga tanong na pang-tie-breaker ay ibibigay nang paisa-isa hanggang sa matukoy ang nagwagi. Ang **Filipino** ang gagamiting midyum ng pagsusulit.

**D. Kasaysayan ng Asya Quiz**

Ang bawat paaralan ay pipili ng isang (1) kalahok mula sa **Baitang 7-8** upang kumatawan sa kanilang paaralan sa kategoryang Pagsusulit sa Kasaysayan ng Asya. Layunin ng patimpalak na masukat ang kaalaman, pag-unawa, at kakayahan ng mga mag-aaral na mailapat ang mahahalagang konsepto sa **Kasaysayan ng Asya**. Ang pagsusulit ay nakatuon sa mga mahahalagang pangyayari, tao, kabihasnan, kultura, pagbabago, at ugnayan ng mga bansa sa Asya.

Ang mga kalahok ay sasailalim sa tatlong (3) bahagi ng pagsusulit:

| Bahagi ng Pagsusulit | Bilang ng Tanong | Puntos Bawat Tanong | Kabuuang Puntos |
|---|---|---|---|
| Easy Round | 8 | 1 puntos | 8 puntos |
| Average Round | 6 | 2 puntos | 12 puntos |
| Difficult Round | 5 | 3 puntos | 15 puntos |
| **Kabuuan** | **19 na tanong** | — | **35 puntos** |

Sa oras na magkaroon ng tabla sa kabuuang puntos, isasagawa ang **Clincher Round**. Ang mga tanong na pang-tie-breaker ay ibibigay nang paisa-isa hanggang sa matukoy ang nagwagi. Ang **Filipino** ang gagamiting midyum ng pagsusulit.

**E. Kasaysayan ng Daigdig Quiz**

Ang bawat paaralan ay pipili ng isang (1) kalahok mula sa **Baitang 8-10** upang kumatawan sa kanilang paaralan sa kategoryang Pagsusulit sa Kasaysayan ng Daigdig. Ang mga kalahok ay maglalaban sa isang pagsusulit na binubuo ng tatlong (3) bahagi na nakatuon sa mahahalagang konsepto at paksa sa **Kasaysayan ng Daigdig**. Ang mga tanong ay nakatuon sa mahahalagang konsepto, pangyayari, tao, kabihasnan, kultura, pagbabago, at ugnayan ng mga bansa at rehiyon sa iba't ibang panahon ng kasaysayan ng daigdig.

Ang pagsusulit ay bubuuin ng sumusunod na mga bahagi:

| Bahagi ng Pagsusulit | Bilang ng Tanong | Puntos Bawat Tanong | Kabuuang Puntos |
|---|---|---|---|
| Easy Round | 8 | 1 puntos | 8 puntos |
| Average Round | 6 | 2 puntos | 12 puntos |
| Difficult Round | 5 | 3 puntos | 15 puntos |
| **Kabuuan** | **19 na tanong** | — | **35 puntos** |

Kung sakaling magkaroon ng tabla sa kabuuang puntos, isasagawa ang **Clincher Round**. Ang mga tanong para sa tie-breaker ay ibibigay nang paisa-isa hanggang sa matukoy ang nagwagi. Ang **Filipino** ang gagamiting midyum ng pagsusulit.

**F. ASEAN Quiz**

Ang bawat paaralan ay pipili ng isang (1) kalahok mula sa **Baitang 7–10** upang kumatawan sa kanilang paaralan sa kategoryang **ASEAN Quiz**. Layunin ng patimpalak na masukat ang kaalaman, pag-unawa, at kakayahan ng mga mag-aaral na mailapat ang mahahalagang konsepto hinggil sa **Association of Southeast Asian Nations (ASEAN)**. Bibigyang-diin sa pagsusulit ang kasaysayan at pagkakatatag ng ASEAN, mga bansang kasapi, mga pangunahing layunin at prinsipyo, kultura at pagkakakilanlan ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya, gayundin ang mga programa, kooperasyon, at mahahalagang ambag ng ASEAN sa pagpapaunlad at pagpapatatag ng rehiyon.

Ang mga kalahok ay sasailalim sa tatlong (3) bahagi ng pagsusulit:

| Bahagi ng Pagsusulit | Bilang ng Tanong | Puntos Bawat Tanong | Kabuuang Puntos |
|---|---|---|---|
| **Easy Round** | 6 | 1 puntos | 6 puntos |
| **Average Round** | 6 | 2 puntos | 12 puntos |
| **Difficult Round** | 4 | 3 puntos | 12 puntos |
| **Kabuuan** | **16 na tanong** | — | **30 puntos** |

Ang mga tanong ay maaaring sumaklaw sa **kasaysayan at pagkakatatag ng ASEAN, mga bansang kasapi, ASEAN Charter, mga layunin at prinsipyo, ASEAN Community, kultura at pagkakakilanlan, kooperasyong panrehiyon, at mga napapanahong isyung may kaugnayan sa ASEAN**.

Sa oras na magkaroon ng tabla sa kabuuang puntos, isasagawa ang **Clincher Round**. Ang mga tanong na pang-tie-breaker ay ibibigay nang paisa-isa hanggang sa matukoy ang nagwagi. Ang **Filipino** ang gagamiting midyum ng pagsusulit.

**F. Pag-aaral ng Kasaysayan at Lipunang Pilipino (PKLP) Quiz**

Ang bawat paaralan ay magpapadala ng isang (1) kalahok mula sa **Baitang 11** upang lumahok sa Pagsusulit sa **Pag-aaral ng Kasaysayan at Lipunang Pilipino (PKLP)**. Layunin ng patimpalak na masukat ang **mapanuring pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga usaping pangkasaysayan at kontemporaryong isyung panlipunan** gamit ang tematiko, multikultural, at interdisiplinaryong pananaw, alinsunod sa mga pamantayan sa pagkatuto ng **Revised K to 12 Curriculum**. Layunin din ng pagsusulit na masukat ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa **pag-unlad ng kamalayang pangkasaysayan, ugnayan ng heograpiya at pagkakakilanlang Pilipino, kakayahang sibiko, at responsableng pagkamamamayan**. Bibigyang-diin ang kakayahan ng mga kalahok na magsuri, mag-ugnay ng mga konsepto, at magbigay ng wastong pag-unawa sa mga pangyayari at isyung may kaugnayan sa kasaysayan at lipunang Pilipino.

Ang pagsusulit ay bubuuin ng tatlong (3) bahagi:

| Bahagi ng Pagsusulit | Bilang ng Tanong | Puntos Bawat Tanong | Kabuuang Puntos |
|---|---|---|---|
| Easy Round | 10 | 1 puntos | 10 puntos |
| Average Round | 5 | 2 puntos | 10 puntos |
| Difficult Round | 5 | 4 puntos | 20 puntos |
| **Kabuuan** | **20 tanong** | — | **40 puntos** |

Kung sakaling magkaroon ng tabla sa kabuuang puntos, isasagawa ang **Clincher Round**. Ang mga tanong para sa tie-breaker ay ibibigay nang paisa-isa hanggang sa matukoy ang nagwagi. Ang **Filipino** ang gagamiting midyum ng pagsusulit.

**G. Historical Trail Challenge**

Ang bawat paaralan ay magpapadala ng **isang (1) pangkat na binubuo ng tatlong (3) kalahok** mula sa **Baitang 4–6**, na tig-iisa mula sa bawat baitang. Layunin nito na masukat ang kakayahan ng mga mag-aaral sa makasaysayang pag-iisip, pakikipagtulungan, mapanuring pagsusuri, at paglalapat ng kaalamang pangkasaysayan sa pamamagitan ng mga interaktibong gawain sa iba't ibang istasyon.

Ang mga gawain ay naaayon sa mga kasanayan sa pagkatuto sa Araling Panlipunan para sa Key Stage 2. Ang bawat pangkat ay iikot sa apat (4) na istasyon at kinakailangang makilahok ang lahat ng miyembro sa bawat gawain.

**Istasyon 1 – Makasaysayang Tauhan (10 puntos).**

Sa istasyong ito, kailangang tukuyin ng bawat pangkat ang sampung (10) mahahalagang personalidad sa kasaysayan ng Pilipinas batay sa mga larawan, ilustrasyon, paglalarawan, sipi, nagawa, o iba pang makasaysayang pahiwatig. Maaari ring ipatugma ang mga personalidad sa kanilang mahahalagang ambag, panahong kinabibilangan, o mga pangyayaring may kaugnayan sa kanilang buhay. Mayroon silang **dalawang (2) minuto** upang makumpleto ang gawain. Layunin ng istasyong ito na masukat ang kaalaman ng mga kalahok sa mahahalagang tauhang humubog sa kasaysayan ng Pilipinas.

**Istasyon 2 – Makasaysayang Pangyayari (15 puntos).**

Sa istasyong ito, kailangang isaayos ng bawat pangkat ang labinlimang (15) kard ng mga makasaysayang pangyayari ayon sa wastong pagkakasunod-sunod ng mga ito. Maaari ring tukuyin ng mga kalahok ang panahong kinabibilangan ng mga pangyayari o ipaliwanag ang kahalagahan ng piling kaganapan. Mayroon silang **dalawang (2) minuto** upang matapos ang gawain. Layunin nito na masukat ang kanilang pag-unawa sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari, pagpapatuloy ng kasaysayan, at ugnayan ng sanhi at bunga.

**Istasyon 3 – Pagsusuri ng Makasaysayang Artifact (15 puntos).**

Sa istasyong ito, susuriin ng bawat pangkat ang limang (5) makasaysayang artifact, larawan, mapa, monumento, simbolo, dokumento, o kagamitang pangkultura. Sasagutin nila ang mga gabay na tanong tungkol sa pagkakakilanlan, kontekstong pangkasaysayan, gamit, kahalagahan, at ambag ng mga ito sa kasaysayan at kultura ng Pilipinas. Mayroon silang **tatlong (3) minuto** upang makumpleto ang gawain.

**Istasyon 4 – Hamon sa Mapa at Globo (20 puntos).**

Sa istasyong ito, gagamit ang bawat pangkat ng mapa at globo upang tukuyin ang limang (5) piling lokasyon o heograpikong elemento, tulad ng mga kontinente, karagatan, bansa, rehiyon, lalawigan, makasaysayang pook, pulo, bundok, ilog, at iba pang mahahalagang anyong heograpikal. Kailangang matukoy ng mga kalahok ang mga pangunahing at panggitnang direksiyon, relatibong lokasyon, at lokasyon batay sa latitude at longitude. Maaari rin silang tanungin tungkol sa Ekwador, Prime Meridian, Hilaga at Timog na Hemisperyo, Silangan at Kanlurang Hemisperyo, mga Tropiko, at tinatayang heograpikong koordinado ng mga piling lugar sa Pilipinas at daigdig. Mayroon silang **tatlong (3) minuto** upang matapos ang gawain. Layunin ng istasyong ito na masukat ang kaalamang heograpikal ng mga kalahok at ang kanilang pag-unawa sa ugnayan ng heograpiya at kasaysayan.

Ang apat (4) na istasyon ay may kabuuang **60 puntos**.Ang grupo na makakuha ng pinakamataas na puntos and mananalo. Kung sakaling magkaroon ng tabla, isasagawa ang **Clincher Challenge** na binubuo ng mga tanong na nangangailangan ng mas mataas na antas ng pag-iisip sa kasaysayan at mga kasanayan sa mapa at globo. Ang mga tanong ay ibibigay nang paisa-isa hanggang sa matukoy ang nagwagi. Ang **Filipino** ang gagamiting midyum ng lahat ng panuto at gawain sa kompetisyon.

**I. Character Impersonation**

Ang bawat paaralan ay magpapadala ng **isang (1) kalahok** mula sa **Baitang 7-10** upang lumahok sa patimpalak. Layunin ng patimpalak na malinang ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa **kasaysayan ng Pilipinas** sa pamamagitan ng pagsasalarawan sa buhay, paninindigan, mga nagawa, at ambag ng isang **mahalagang personalidad sa kasaysayan ng Pilipinas**, tulad ng mga pambansang bayani, rebolusyonaryo, pangulo, repormista, o iba pang kilalang personalidad sa kasaysayan. Ang bawat kalahok ay magbibigay ng **3–5 minutong pagsasadula**. Ang mga kalahok ay dapat magsuot ng angkop na kasuotan ayon sa karakter na sinasadula at maaring gumamit ng props o musika sa pagtatanghal.

Ang pagkakasunod-sunod ng pagtatanghal ay tutukuyin sa pamamagitan ng **bunutan**. Magbibigay ng hudyat sa **ikaapat na (4) minuto** bilang babala at isa pang tunog sa **ikalimang (5) minuto** bilang hudyat ng pagtatapos. Ang kalahok na lalampas sa itinakdang oras ay magkakaroon ng **bawas na isang (1) puntos sa bawat tatlumpung (30) segundo o bahagi nito** na lalampas sa

itinakdang oras. Ang **Filipino** ang gagamiting midyum ng pagtatanghal.

Ang pagtatanghal ay bibigyan ng puntos batay sa sumusunod na pamantayan:

| Pamantayan | | Puntos |
|---|---|---|
| **Katumpakang Pangkasaysayan** | • Wasto mahahalagang impormasyongpangkasaysayan na binanggit.<br>• Wasto ang paglalahad ng mga nagawa, ambag, at papel ng tauhan sa kasaysayan. | **35** |
| **2. Pagganap bilang Tauhan** | • Malinaw na naipakikita ang personalidad, paninindigan, damdamin, at katangian ng tauhan.<br>• Ang mga kilos, ekspresyon, at pananalita ay angkop sa tauhang ginagampanan.<br>• Kapani-paniwala at makatotohanan ang pagganap. | **30** |
| **3. Paraan ng Pagbigkas at Presensiya sa Entablado** | • Malinaw at madaling maunawaan ang pagsasalita.<br>• Maayos ang paggamit ng galaw, kumpas, ekspresyon ng mukha, at eye contact.<br>• Nakapagpapakita ng kumpiyansa sa harap ng tagapanood. | **20** |
| **4. Kasuotan at Pagiging Angkop sa Tauhan** | • Ang kasuotan ay angkop sa panahon at pagkakakilanlan ng tauhang ginagampanan.<br>• Ang kasuotan at props ay nakatutulong sa pagiging makatotohanan ng pagtatanghal. | **10** |
| **5. Kabuuang Epekto** | • Nakapag-iiwan ng makabuluhang mensahe o aral tungkol sa pagiging Pilipino at pagmamahal sa bayan. | **5** |
| **KABUUAN** | | **100** |